Lugar ng Serbisyo: Mga Serbisyo sa Negosyo ng Korporasyon	**YALE NEW HAVEN HEALTH SYSTEM MGA PATAKARAN AT PROSESO**
Pamagat: Patakaran sa Mga Programa ng Pinansyal na Tulong	
Petsa ng Pag-apruba: 09/20/2013	**Inaprubahan ng:** Lupon ng Mga Katiwala ng YNHHS
Petsa ng Pagkabisa 09/20/2013 1/1/2017 Lawrence + Memorial Hospital at Westerly Hospital	**Petsa ng Pagsusuri/Pagbabago:** 01/21/2015, 09/30/2016, 12/16/2016, 6/1/2017, 7/15/2018, 6/15/2020, 10/27/2021, 01/03/2022
Distribusyon: MCN Policy Manager	**Uri ng Patakaran (I o II):** Uri I
Pinapalitan ang: Mga Programa ng Pinansiyal na Tulong ng Yale New Haven Hospital para sa Mga Serbisyo sa Ospital (Yale New Haven Hospital Financial Assistance Programs for Hospital Services, NC:F-4) Mga Programa ng Pinansiyal na Tulong ng Bridgeport Hospital para sa Mga Serbisyo sa Ospital (Bridgeport Hospital Financial Assistance Programs for Hospital Services, 9-13) Buod ng Mga Programa ng Pinansiyal na Tulong ng Greenwich Hospital para sa Mga Serbisyo sa Ospital (Greenwich Hospital Overview of Financial Assistance Programs for Hospital Services) Patakaran sa Pang-charity na Pangangalaga, Pinansyal na Tulong, Patakaran sa Pagpopondo ng Libreng Kama (Free Bed Fund) ng Lawrence + Memorial Hospital at Westerly Hospital	

LAYUNIN

Nakatuon ang Yale New Haven Health ("Yale New Haven Health" or "YNHHS" o Sistema ng Kalusugan ng Yale New Haven) sa pagbibigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa mga kwalipikadong indibidwal na nangangailangan.

Ang layunin ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Policy o "FAP") na ito ay:

1. Ipaliwanag kung ano ang mga makukuhang pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP;
2. Ilarawan kung sino ang kwalipikado para sa pinansyal na tulong at kung paano mag-apply;
3. Ilarawan kung paano kinakalkula ang mga singil sa pasyente para sa mga pang-emergency o ibang medikal na kinakailangang pangangalaga para sa mga pasyenteng kwalipikado sa FAP;
4. Tukuyin ang mga provider na saklaw at hindi saklaw ng FAP;
5. Ilarawan ang mga hakbang na ginagawa ng mga ospital ng YNHHS para malawak na ipaalam sa publiko ang FAP na ito sa mga komunidad na pinagsisilbihan ng YNHSS; at
6. Ipaliwanag kung anong mga kilos sa pagkolekta ang maaaring gawin dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil ng Yale New Haven Health.

PAGLALAPAT
Nalalapat ang patakarang ito sa bawat lisensyadong ospital na kaakibat ng YNHHS, kabilang ang Bridgeport Hospital ("BH"), Greenwich Hospital ("GH"), Lawrence + Memorial Hospital ("LMH"), Yale New Haven Hospital ("YNHH") at Westerly Hospital ("WH") (ang bawat isa ay tinatawag na "Ospital"). Bilang karagdagan, ang mga programa ng pinansiyal na tulong ay sinusunod ng Northeast Medical Group, Visiting Nurse Association of Southeastern Connecticut, at Home Care Plus.

PATAKARAN

1. Responsableng Opisyal. Ang Senior na Bise Presidente ng Pananalapi ng YNHHS o ang kanyang itinalaga ang mamahala sa YNHHS FAP.

2. Sakop at Listahan ng Provider.

A. Pang-emergency at Ibang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Nalalapat ang FAP na ito sa mga pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga, kabilang ang mga serbisyo sa inpatient at outpatient, na sinisingil ng isang Ospital. Hindi kasama sa FAP ang: (a) pribadong kuwarto o mga private duty na nars; (b) mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan, tulad ng pinipiling kosmetikong operasyon; (c) ibang mga pinipiling singil para sa kaginhawaan, tulad ng mga singil para sa telebisyon o telepono, at (d) ibang mga diskwento o pagbabawas sa singil na hindi hayagang inilalarawan sa patakarang ito.

B. Listahan ng Provider. Makikita ang listahan ng mga provider na nagbibigay ng pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga sa isang Ospital dito: https://www.ynhh.org/patients-visitors/billing-insurance/Financial-assistance

Ipinapakita ng listahang ito kung saklaw ang provider sa ilalim ng FAP. Kung hindi saklaw ang provider sa ilalim ng FAP na ito, dapat makipag-ugnayan ang mga pasyente sa tanggapan ng provider para malaman kung nag-aalok ang provider ng pinansyal na tulong at kung ano ang sinasaklawan ng patakaran sa pinansyal na tulong ng provider.

C. Pagsunod sa EMTALA. Ang mga ospital ay dapat sumunod sa Batas sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Aktibong Panganganak (Emergency Medical Treatment and Active Labor Act, EMTALA) nang ayon sa kanilang mga patakaran at pinagbabawalan din sila mula sa paggawa ng mga aktibidad na pipigil sa indibidwal mula sa pagkuha ng pang-emergency na medikal na pangangalaga. Wala sa FAP na ito ang naglilimita sa mga obligasyon ng Ospital sa ilalim ng EMTALA na gamutin ang mga pasyenteng may pang-emergency na kondisyong medikal.

3. Programa ng Pinansyal na Tulong

Mayroong pinansiyal na tulong para sa mga indibidwal na nakatira sa Estados Unidos na makukumpleto ang kinakailangang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong at natutugunan ang mga karagdagang kinakailangan sa kwalipikasyon na inilalarawan sa ibaba. Dapat hikayatin ang lahat ng pasyente na tingnan nang mabuti ang lahat ng available na mapagkukunan ng pinansiyal na tulong, kabilang ang mga programa ng gobyerno at pribadong tulong.

Isa-isang isinasagawa ang mga desisyon tungkol sa pinansyal na tulong para sa bawat kaso at batay lamang ito sa pinansiyal na pangangailangan. Hindi kailanman sinasama sa pagdedesisyon ang edad, kasarian, lahi, kulay, bansang pinagmulan, katayuan ng pag-aasawa, katayuan sa lipunan o bilang imigrante, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, kinabibilangang relihiyon, kapansanan, pagiging beterano o katayuan sa militar o anumang iba pang batayang ipinagbabawal ng batas. Ibinabalangkas ng Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong ang mga dokumentong kinakailangan para beripikahin ang laki at kita ng pamilya. Ang YNHHS o ang isang Ospital ay, sa pagpapasya nito, maaaring aprubahan ang pinansyal na tulong na wala sa saklaw ng Patakarang ito.

A. Libreng Pangangalaga. Kung naberipika ang kabuuang kita ng pamilya bilang nasa o mas mababa sa 250% ng Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level) *(tingnan ang* Attachment 1), maaaring kwalipikado ka para sa libreng pangangalaga (100% diskwento sa balanse sa account ng pasyente).

B. May Diskwentong Pangangalaga. Kung naberipika ang kabuuang kita ng pamilya bilang nasa pagitan ng 251% at 550% ng Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring kwalipikado ka para sa diskwento batay sa gumagalaw na pamantayan sa Attachment 1. Para sa mga pasyenteng may insurance, ilalapat ang diskwento sa balanse sa account ng pasyente na nananatili pagkatapos malapat ang mga pagbabayad mula sa insurance o mga ikatlong partidong tagabayad.

C. Mga Pondo para sa Kama sa Ospital. Maaaring kwalipikado ka para makatanggap ng pinansiyal na tulong mula sa mga pondo para sa kama sa ospital, na mga pondo na ibinigay bilang donasyon sa Ospital para magbigay ng medikal na pangangalaga sa mga pasyente na maaaring hindi makapagbayad para sa pangangalaga sa ospital. Ang kwalipikasyon ay tinutukoy ayon sa bawat kaso at isinasaalang-alang dito ang mga paghihigpit ng donor at, kung nalalapat, mga nominasyong ginawa ng mga nominator ng pondo. Ang lahat ng pasyenteng sumagot ng kinakailangang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong ng YNHHS ay awtomatikong isasaalang-alang para sa mga pondo para sa kama sa ospital.

D. Ibang mga programa ng Pinansiyal na Tulong ng Partikular na Ospital

(i) **Programang Me & My Baby ng Yale New Haven Hospital.** Ang programang ito ay available sa mga pasyente ng Yale New Haven Hospital. Nagbibigay ito ng walang bayad na mga serbisyo bago manganak, sa oras ng mismong panganganak at pangkapanganak, at ilang pangangalaga pagkatapos ng panganganak.Maaaring kwalipikado ka kung nakatira ka sa New Haven County, walang anumang uri ng insurance sa kalusugan, at kumikita ang iyong pamilya ng mas mababa sa 2 1/2 beses ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Para sa karagdagang impormasyon o para humiling ng aplikasyon, kausapin ang aming mga kinatawan sa Yale New Haven Hospital Women's Center o tumawag sa **203-688-2481.**

(ii) Pinagsisilbihan ng **Greenwich Hospital Outpatient Clinic** ang mga pasyente na may insurance sa Medicare, Medicaid, o mga insurance na inaalok sa pamamagitan ng Access Health CT at mas mababa ang kita ng pamilya sa 4 na beses ng Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Higit pa, nagbibigay ang klinika ng may

diskwentong pangangalaga sa mga indibidwal na hindi kwalipikado para sa insurance at naninirahan sa Greenwich, at mas mababa ang kita ng pamilya sa 4 na beses ng Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Para sa mas marami pang impormasyon o para kumuha ng aplikasyon, pakitawagan ang 203-863-3334.

E. **Kahirapan sa Pagbabayad ng Medikal na Serbisyo (Medically Indigent).** Maaari ding isaalang-alang para sa pinansyal na tulong ang mga pasyenteng hindi natutugunan ang pamantayan, pero mayroong bayaring medikal na mas malaki sa partikular na porsiyento ng kita o mga asset ng pamilya.

4. Limitasyon sa Mga Singil

Kapag kwalipikado ang pasyente sa ilalim ng patakarang ito para sa may diskwentong pangangalaga, pero hindi libreng pangangalaga, hindi sisingilin ang pasyente ng higit sa halagang karaniwang sinisingil (amount generally billed o "AGB") sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga.

A. **Kung Paano Kinakalkula.** Kinakalkula ng YNHHS ang AGB kada taon para sa bawat Ospital gamit ang pamamaraang pagbabalik-tanaw o "look back method" sa ilalim ng mga pederal na regulasyon sa buwis at batay sa mga fee-for-service rate ng Medicare, kabilang ang mga halaga ng pagbabahagi sa gastos ng mga benepisyaryo ng Medicare at lahat ng mga pribadong insurer ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa bawat pasilidad ng Ospital sa nakaraang piskal na taon. Maaaring ilapat ng YNHHS ang porsiyento ng diskwento sa bawat Ospital, o maaaring piliin nitong gamitin ang porsiyento ng diskwento na pinakamabuti para sa mga pasyente ng YNHHS. Ipinapakita ang mga diskwento sa AGB sa Attachment 1.

5. Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong

A. **Paano mag-apply.** Para mag-apply para sa pinansyal na tulong, dapat mong kumpletuhin ang aplikasyon ng YNHHS para sa pinansyal na tulong ("Aplikasyon"), maliban sa nakasaad sa ibaba. Makakakuha ka ng Aplikasyon:

(1) Online sa https://www.ynhh.org/patients-visitors/billing-insurance/Financial-assistance at sa website ng bawat Ospital ng YNHHS.

(2) Nang personal sa anumang lugar para sa pagpasok bilang pasyente o pagrehistro ng Ospital ng YNHHS. Makikita ang mga palatandaan at nakasulat na impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong sa departamento ng emergency at lugar para sa pagrehistro ng pasyente ng bawat Ospital.

(3) Sa pamamagitan ng sulat kapag tumawag at humiling ng libreng kopya mula sa Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente sa (855) 547-4584.

B. **Aplikasyon.** Inilalarawan ng Aplikasyon ang (i) mga programa ng pinansyal na tulong at mga kinakailangan para maging kwalipikado, (ii) ang mga kinakailangang dokumento para sa pagpapasya ng kwalipikasyon, at (iii) ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tulong sa

FAP. Ipinapaliwanag din ng Aplikasyon na (i) tutugon sa sulat ang Ospital sa bawat Aplikasyon, (ii) maaaring mag-apply muli ang mga pasyente para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP anumang oras, at (iii) nagkakaroon ng karagdagang pondo sa libreng kama kada taon. Hindi maaaring itanggi ng mga Ospital ang pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP batay sa kabiguang magbigay ng impormasyon o mga dokumento na hindi kinakailangan ng FAP o ng Aplikasyon bilang bahagi ng Aplikasyon.

C. Mga pasyenteng kwalipikado para sa FAP. Magsasagawa ang mga Ospital ng YNHHS ng mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang kwalipikasyon at idokumento ang anumang mga pagpapasya sa kwalipikasyon sa pinansyal na tulong sa mga naaangkop na account ng pasyente. Kapag natukoy ng Ospital na kwalipikado ang pasyente sa FAP, ang Ospital ay:

(i) Magbibigay ng pahayag ng pagsingil na ipinapakita ang halaga na dapat bayaran ng indibidwal bilang isang pasyenteng kwalipikado sa FAP, kabilang ang kung paano natukoy ang halaga at sinasabi nito, o nilalarawan, kung paano makakakuha ang indibidwal ng impormasyon tungkol sa AGB para sa pangangalaga;

(ii) Ibabalik sa indibidwal ang anumang halaga na binayad niya para sa pangangalaga na higit sa halaga na natukoy na dapat niyang bayaran bilang indibidwal na kwalipikado sa FAP, maliban na lamang kung ang higit na halaga ay mas mababa sa $5, o anumang iba pang halagang tinukoy ng IRS; at

(iii) Gagawa ng mga makatuwirang hakbang para baliktarin ang anumang mga hindi karaniwang kilos sa pagkolekta.

D. Ipinagpapalagay na Kwalipikasyon. Maaaring magpasya ang YNHHS sa kwalipikasyon para sa libre o may diskwentong pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito batay sa impormasyon tungkol sa buhay ng pasyente na galing sa mga mapagkukunang bukod sa indibidwal na humihingi ng pinansyal na tulong, kabilang ang mga sumusunod o katulad na mapagkukunan:

(i) Sa ngalan ng bawat Ospital, gumagamit ang YNHHS ng ikatlong partido na tool para sa pagsusuri para makatulong sa pagtukoy ng mga indibidwal na may mga self-pay na balanse na hindi pa nag-apply para sa pinansyal na tulong, ngunit may kita na mas mababa o nasa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan *(hal.,* kwalipikado para sa libreng pangangalaga). Kung natukoy ang isang pasyente sa pamamagitan ng prosesong ito, maaaring mabago ang mga umiiral na balanse sa ospital sa pang-charity (libre) na pangangalaga.

(ii) Kaakibat ng YNHHS ang Yale University at ito ang akademikong sentro ng kalusugan para sa Yale School of Medicine. Ang mga pasyenteng walang insurance na pinagsisilbihan ng mga klinika sa pangunahing pangangalaga na pinapatakbo ng mga mag-aaral ng Yale University para sa mga indibidwal na may mababang kita, kabilang ang Haven Free Clinic, ay maaaring ipagpalagay bilang kwalipikado para sa libre o may diskwentong pangangalaga nang hindi kailangang magkumpleto ng aplikasyon para sa pinansyal na tulong, kapag nakatanggap ang YNHHS ng kumpirmasyon sa isang anyong katanggap-tanggap sa Senior na Bise Presidente ng Pananalapi na ang isang tao ay pasyente ng anumang naturang klinika.

(iii) Maaaring gamitin ng YNHHS ang mga dating pagpapasya sa kwalipikasyon para ipagpalagay na ang indibidwal ay kwalipikado muli para sa pang-charity na pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito.

6. Kaugnayan sa Mga Gawi sa Pagkolekta ng YNHHS

Ang Ospital (at anumang ahensya sa pagkolekta o ibang partido kung kanino inilipat ang utang) ay hindi magsasagawa ng anumang hindi karaniwang kilos sa pagkolekta (extraordinary collection action o "ECA") bago lumipas ang 120 araw pagkatapos ilabas ang unang pahayag ng pagsingil para sa pangangalaga pagkatapos lumabas ng ospital at bago gumawa ng mga makatuwirang pagsisikap para tukuyin kung ang pasyente o sinumang ibang indibidwal na may pinansyal na responsibilidad para isang self-pay na account ((Mga) Responsableng Indibidwal) ay kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito. Ang anumang ECA ay dapat aprubahan ng Senior na Bise Presidente ng Pananalapi o ng kanyang itinalaga, na kukumpirmahin bago aprubahan ito na natugunan ang mga kinakailangan para sa makatuwirang pagsisikap sa ilalim ng FAP na ito.

Susundin ng Ospital ang A/R billing cycle nito ayon sa mga panloob na proseso sa pagpapatakbo at gawi. Bilang bahagi ng mga naturang proseso at gawi, sa minimum, aabisuhan ng Ospital ang mga pasyente tungkol sa FAP nito mula sa petsang ibinigay ang pangangalaga at sa buong A/R billing cycle (o tuwing iniaatas ng batas ang nasabing panahon, anuman ang mas matagal) sa pamamagitan ng:

1. Bibigyan ang lahat ng mga pasyente ng buod sa simpleng wika at isang form ng aplikasyon para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP bilang bahagi ng proseso sa paglabas o pagpasok sa Ospital.

2. Hindi bababa sa tatlong hiwa-hiwalay na pahayag ng pagkolekta para sa mga self-pay na account ang ipapadala sa pamamagitan ng sulat o e-mail sa huling alam na address ng pasyente at sinumang ibang (Mga) Responsableng Indibidwal; gayunpaman, hindi kailangang magpadala ng karagdagang pahayag pagkatapos magsumite ang (Mga) Responsableng Indibidwal ng kumpletong aplikasyon para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP o magbayad nang buo. Dapat lumipas ang hindi bababa sa 60 araw sa pagitan ng una at huli ng kinakailangang tatlong pahayag. Obligasyon ng (Mga) Responsableng Indibidwal na magbigay ng tamang address para sa pagpapadala sa oras ng serbisyo o kapag lumipat. Kung walang balidong address ang isang account, maituturing na nagawa ang "Makatuwirang Pagsisikap". Ang lahat ng pahayag ng self-pay na account ng iisang pasyente ay maglalaman ng, ngunit hindi limitado sa:

    a. Tiyak na buod ng mga serbisyo ng ospital na saklaw ng pahayag;

    b. Ang singil para sa mga naturang serbisyo;

    c. Ang halagang dapat bayaran ng (Mga) Responsableng Indibidwal (o, kung hindi alam ang naturang halaga, isang pagtantya nang may mabuting layunin ng mga naturang halaga sa petsa ng unang pahayag);

    at

d. Isang nakasulat na abiso na madaling makita na nag-aabiso at ipinapaalam sa (Mga) Responsableng Indibidwal ang tungkol sa pagkakaroon ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP kabilang ang numero ng telepono ng departamento at direktang address ng website kung saan makakakuha ng mga kopya ng mga dokumento.

3. Hindi bababa sa isa sa mga pahayag na ipinadala bilang sulat o email ang maglalaman ng nakasulat na abiso na ipinapaalam sa (Mga) Responsableng Indibidwal ang tungkol sa mga ECA na binabalak gawin kung ang (Mga) Responsableng Indibidwal ay hindi mag-apply para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP o hindi bayaran ang halagang dapat bayaran pagdating ng deadline ng billing. Ang naturang pahayag ay dapat ibigay sa (Mga) Responsableng Indibidwal sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago ang deadline na nakalagay sa pahayag. Magiging kasama ng pahayag na ito ang isang buod sa simpleng wika. Obligasyon ng (Mga) Responsableng Indibidwal na magbigay ng tamang address para sa pagpapadala sa oras ng serbisyo o kapag lumipat. Kung walang balidong address ang isang account, maituturing na nagawa ang "Makatuwirang Pagsisikap".

4. Bago magsimula ng anumang ECA, magsasagawa ng pasalitang pagsubok na makipag-ugnayan sa (Mga) Responsableng Indibidwal sa pamamagitan ng telepono sa huling alam na numero ng telepono, kung mayroon man, nang kahit isang beses sa panahon ng pagpapadala ng pahayag sa sulat o email kung nananatiling hindi bayad ang account. Sa lahat ng mga pag-uusap, ipapaalam sa pasyente o (Mga) Responsableng Indibidwal ang tungkol sa pinansyal na tulong na maaaring available sa ilalim ng FAP.

5. Maaaring gawin ng isang Ospital ng YNHHS ang ECA na nakalista sa Attachment 2 ng Patakarang ito para makakuha ng kabayaran para sa mga ibinigay na medikal na serbisyo, nang napapasailalim sa pagsunod sa mga probisyon ng patakarang ito,

7. Pagkuha ng Patakaran

Makukuha ang mga kopya ng FAP, buod sa simpleng wika ng FAP at aplikasyon sa FAP sa https://www.ynhh.org/patients-visitors/billing-insurance/Financial-assistance.

Gagawing available ng bawat Ospital ang mga kopya ng FAP, buod sa simpleng wika ng FAP at aplikasyon sa FAP kapag hiniling ang mga ito, nang libre, sa pamamagitan ng sulat o sa Departamento ng Emergency ng Ospital at sa lahat ng lugar ng pagrehistro sa papel na form sa wikang Ingles at sa pangunahing wika ng anumang populasyong may limitadong kahusayan sa Ingles na bumubuo ng 1,000 indibidwal o 5% o higit pa ng populasyon na pinagsisilbihan ng Ospital, anuman ang mas mababa. Tingnan ang Attachment 3 para sa listahan ng mga wika.

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Negosyo ng Korporasyon nang walang bayad sa (855) 547-4584 para hilingin na magpadala sa iyo ng impormasyon tungkol sa kwalipikasyon o mga programang maaaring magamit mo, kopya ng FAP, buod sa simpleng wika ng FAP, form ng aplikasyon sa FAP, o Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta, o kung kailangan mong ipasalin ang kopya ng FAP, buod sa simpleng wika, o form ng aplikasyon sa FAP sa ibang wika maliban sa Ingles. Higit pa rito, maaaring tanungin ng mga pasyente ang Pagrehistro ng Pasyente, Mga Pinansyal na Serbisyo sa Pasyente at Social Work/Pamamahala ng Kaso tungkol sa pagsisimula ng proseso ng pag-apply para sa FAP.

Kabilang sa mga higit pang pagsisikap para malawak na ipaalam sa publiko ang FAP ang paglalathala ng mga abiso sa mga karaniwang diyaryo; pagbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa FAP sa mga pahayag ng pagsingil; pagbibigay ng abiso tungkol sa FAP sa mga pasalitang komunikasyon sa mga pasyente tungkol sa halagang dapat bayaran; at pagsasagawa ng mga open house at iba pang mga sesyon para sa pagbibigay ng impormasyon.

8. Pagsunod sa Batas ng Estado

Ang bawat Ospital ay susunod sa mga naaangkop na batas ng Estado, kabilang, nang walang limatasyon, ang mga General Statute ng Connecticut na pinapamahalaan ang Mga Pagkolekta ng Mga Ospital mula sa mga Pasyenteng walang insurance at ang *Pamantayan sa Buong Estado para sa Paglalaan ng Pang-charity na Pangangalaga (Statewide Standard for the Provision of Charity Care)* ng Rhode Island na itinakda sa Seksyon 11.3 ng Mga Panuntunan at Regulasyon Pagdating sa Mga Pagbabago ng Ospital (Rules and Regulations Pertaining to Hospital Conversions o "RI Regulations") ng Departamento ng Kalusugan ng Rhode Island at ang *Pamantayan sa Buong Estado para sa Paglalaan ng Pangangalagang Hindi Binayaran (Statewide Standard for the Provision of Uncompensated Care)* na itinakda sa Seksyon 11.4 ng RI Regulations.

MGA SANGGUNIAN
Internal Revenue Code 501(c)(3)
Internal Revenue Code 501(r)
Conn. Gen. Stat. § 19a-673 et seq.
RI Regulations 11.3 at 11.4

MGA KAUGNAY NA PATAKARAN
Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta ng YNHHS (YNHHS Billing and Collections Policy)
Patakaran ng YNHHS ukol sa EMTALA: Medikal na Screening/Stabilization, On-Call at Transfer
Patakaran ng Yale New Haven Hospital — Distribusyon ng Pondo sa Libreng Pangangalaga NC:F-2 (Yale New Haven Hospital Policy — Distribution of Free Care Funds NC:F-2)
Mga Patakaran at Proseso ng Greenwich Hospital Outpatient Center (Greenwich Hospital Outpatient Center Policies and Procedures)

Attachment 1

Mga Patnubay sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Guidelines o FPG) at Nababagong Pamantayan (Sliding Scale) para sa Pinansyal na Tulong

Ina-update ang mga halaga ng FPG kada period sa Pederal na Rehistro ng Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos. Makikita ang mga kasalukuyang halaga ng FPG sa https://aspe.hhs.gov/topics/poverty-economic-mobility/poverty-guidelines.

Batay sa Enero 27, 2021, ang mga halaga ng FPG ay ayon sa mga sumusunod. ***Maaaring magbago ang mga halagang ito***. Makakatanggap ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito ng tulong sa lahat ng mga Yale New Haven Health Hospital ayon sa sumusunod:

	Pangalan ng FAP	**Libreng Pangangalaga**	**May Diskwentong Pangangalaga**	**Nababagong Pamantayan A**	**Nababagong Pamantayan B**	**Nababagong Pamantayan C**
	Kwalipikasyon sa Saklaw	**Mga Pasyenteng Mayroon o Walang Insurance**	**Mga Pasyenteng Walang Insurance**	**Mga Pasyenteng May Insurance**	**Mga Pasyenteng May Insurance**	**Mga Pasyenteng May Insurance**
	Diskwento sa FAP	**100%**	**69%**	**35%**	**25%**	**15%**
	Kwalipikasyon ng Kabuuang Kita	**0% - 250% FPL**	**251% - 550% FPL**	**251% - 350% FPL**	**351% - 450% FPL**	**451% - 550% FPL**
Laki ng Pamilya	1	$0 - $32,200	$32,201 - $70,840	$32,201 - $45,080	$45,081 - $57,960	$57,961 - $70,840
Laki ng Pamilya	2	$0 - $43,550	$43,551 - $95,810	$43,551 - $60,970	$60,971 - $78,390	$78,391 - $95,810
Laki ng Pamilya	3	$0 - $54,900	$54,901 - $120,780	$54,901 - $76,860	$76,861 - $98,820	$98,821 - $120,780
Laki ng Pamilya	4	$0 - $66,250	$66,251 - $145,750	$65,251 - $92,750	$92,751 - $119,250	$119,251 - $145,750
Laki ng Pamilya	5	$0 - $77,600	$77,601 - $170,720	$77,601 - $108,640	$108,641 - $139,680	$139,681 - $170,720
Laki ng Pamilya	6	$0 - $88,950	$88,951 - $195,690	$88,951 - $124,530	$124,531 - $160,110	$160,111 - $195,690

Mga Kalkulasyon ng AGB

Taunan ang mga kalkulasyon ng mga porsyento ng AGB. Ang mga AGB (% ng mga singil) kada Ospital para sa taon sa kalendaryong 2021 ay: BH 32.6%, GH 34.8%, LMH 37.7%, YNHH 34.6% at WH 30.1%. Alinsunod dito, ang porsiyento ng diskwentong pinakamabuti para sa mga pasyente ng YNHHS na kwalipikado para sa may diskwentong pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito para sa 2021 ay ang pagbabayad ng hindi lalagpas sa 30% ng mga kabuuang singil.

Attachment 2

MGA HINDI KARANIWANG KILOS SA PAGKOLEKTA

Mga Lien sa Propyedad

Pinapahintulutan lamang ang mga lien sa personal na tirahan kung:

a) Nagkaroon ang pasyente ng pagkakataong mag-apply para sa pondo para sa libreng kama at hindi siya nakasagot, tumanggi, o natukoy bilang hindi kwalipikado para sa mga naturang pondo;

b) Hindi nag-apply o hindi naging kwalipikado ang pasyente para sa ibang pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Ospital, para makatulong sa pagbabayad ng kanyang utang, o naging kwalipikado nang bahagya ngunit hindi niya nabayaran ang bahaging dapat bayaran;

c) Hindi sinubukan ng pasyente na gumawa o sumang-ayon ang pasyente sa isang kasunduan sa pagbabayad, o hindi siya sumusunod sa kasunduan sa pagbabayad na napagkasunduan ng Ospital at pasyente;

d) Ang kabuuang halaga ng balanse ay higit sa $10,000 at ang (mga) propyedad na mapapasailalim sa lien ay mayroong tinasang halaga na hindi bababa sa $300,000; at

e) Hindi magreresulta ang lien sa pagreremata (foreclosure) ng personal na tirahan.

Attachment 3

Mga Wika para sa Mga May Limitadong Kahusayan sa Ingles

Albanian
Arabic
Bengali
Simplified Chinese
Pranses
French Creole (Haitian Creole)
German
Greek
Hindi
Italian
Hapon
Korean
Pashto
Persian Dari
Persian Farsi
Polish
Portuguese
Portuguese Creole (Cape Verdean)
Russian
Espanyol
Swahili
Tagalog
Tigrinya
Turkish
Vietnamese